FEB 28 2023

Pebrero 22, 2023

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 0147, s. 2023

Sa mga: PANSANGAY NA TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN
Ang Rehiyong Ito

SARBEY NG KOMISYON NG WIKANG FILIPINO (KWF) SA NABUONG ORTOGRAPIYA NG MGA KATUTUBONG WIKA NG REHIYON

1. Bilang tugon sa liham ng Komisyon ng Wikang Filipino ng Pebrero 14, 2023 na naglalayong malaman kung aling wika sa rehiyon ang may nabuo o binubuong ortograpiya, ang rehiyon ay maglilikom ng mga detalye ukol dito.

2. Kaugnay nito, hinihingi ang 12 Pansangay na Tagamasid/Tagapag-ugnay sa MTB-MLE na sagutan ang sarbey sa link na ito: **https://bit.ly/3xJrgck** simula **Pebrero 22, 2023** hanggang **Pebrero 27, 2023**.

3. Ang inyong kasagutan ay mahalaga sa isinasagawang pananaliksik ng ahensya para sa pagpapaunlad ng mga wika ng bansa.

4. Kalakip ng Memorandum na ito ang liham mula sa KWF para sa inyong kaalaman at gabay.

5. Sa dagdag na impormasyon, maaaring sumangguni at mag-email sa mariaconsuelo.jamera@deped.gov.ph. o magmensahe sa 09120821145.

6. Maaga at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito ay inaasahan.

**MA. GEMMA MERCADO LEDESMA**
Direktor ng Rehiyon

Mga Kalakip: Liham mula sa Komisyon ng Wikang Filipino
Sanggunian: Wala
Ilalagay sa Palagiang Palatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CURRICULUM MTB-MLE RESEARCH

CLM/mcj
02/22/2023

Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo
# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

14 Pebrero 2023

**MA. GEMMA M. LEDESMA**
Panrehiyong Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
CARAGA Administrative Region
Km. 3, Kalye Libertad
Lungsod Butuan

Mahal na Direktor Ledesma:

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang natatanging ahensiyang pangwika ng bansa, bahagi ng mandato ng aming opisina ang magsagawa ng pananaliksik at programa para sa pagpapaunlad ng mga wika ng bansa, kabilang rito ang pagbuo ng ortograpiya ng mga katutubong wika.

Kaugnay nito, nais naming malaman kung aling mga wika sa inyong rehiyon ang may nabuo o binubuong ortograpiya. Kung inyo ring mamarapatin, nais din naming malaman ang sumusunod na detalye:

1. Saang lugar ginagamit ang mga ortograpiya?
2. Kailan nailimbag ang mga ortograpiya?
3. Sino-sino ang bumuo ng mga ortograpiya? May naging katuwang ba ang inyong opisina dito?

Nilalayon ng aming opisina na bumuo ng database ng mga ortograpiya ng buong bansa upang maiwasan ang pag-uulit ng mga gawain. Aasahan namin ang inyong tugon hanggang sa 28 Pebrero 2023.

Maaari ninyong ipadala ang inyong tugon, at mga tanong kaugnay nito kay G. Earvin Christian Pelagio sa kaniyang email na earvin.pelagio@kwf.gov.ph., o kay Ma. Victoria Corrige-Casoy sa email na mcasoy@kwf.gov.ph.

Pauna na ang aming pasasalamat.

Sumasainyo,

**CARMELITA C. ABDURAHMAN, EdD**
OIC Tagapangulo